9

# Filipino 9
## Activity Sheet
## Quarter 2- MELC 4

# Pagsulat Ng Payak Na Tanka At Haiku Sa Tamang Anyo At Sukat



REGION VI – WESTERN VISAYAS

ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9**
**Learning Activty Sheet 1**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilimbag sa Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon 6- Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **ng Batas Pambansa Bilang 8293**, **Seksiyon 176 na** "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Eduklasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas.

**Mga Bumuo ng Filipino 9 Learning Activity Sheet**

**Manunulat:** Ofelia S. Alegado

**Tagasuri:** Perly M. Mapa, Diana P. Agupasa, Alma J. Villar, Rosie C. Cabus, Cynthia C. Cañete, Angela Mae D. Lim, Marie Antoniette M. Villar

**Tagaguhit:** Jerome Jordan Z. Ponsica

**Tagalapat:** Eldiardo E. de la Peña, Antonio O. Rebutada

**Division of Escalante City Management Team:**

Clarissa G. Zamora, CESO VI
Ermi V. Miranda, PhD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**

Ma. Gemma M. Ledesma, CESO V
Josilyn S. Solana , PhD
Elena P. Gonzaga, PhD
Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines IV

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheets** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod ng Bacolod sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas at sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Management Division. Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng LAS na ito na gabayan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheet** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

**Para sa mga mag-aaral:**

Ang **Filipino 9 Learning Acitivity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit wala ka ngayon sa iyong paaralan, pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto nga bawat gawain.

**Learning Activity Sheets Blg. 4**

Pangalan ng Mag-aaral: ____________________

Grado at Pangkat: ____________________

Petsa: ____________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9**

# PAGSULAT NG PAYAK NA TANKA AT HAIKU SA TAMANG ANYO AT SUKAT

## I. KASANAYANG PAMPAKATUTO AT KODA

Naisusulat ang payak na tanka at haiku sa tamang anyo at sukat. F9PU-IIa-b-47

## II. PANIMULA

### TANKA AT HAIKU

Parehong anyo ng tula ang tanka at haiku ng mga Hapon. Ang Tanka ay maikling awitin na binubuo ng tatlumpu't isang pantig na may limang taludtod. Karaniwang hati ng pantig sa mga taludtod ay : 7-7-7-5-5 o 5-7-5-7-7 o maaaring magkapalitpalit din na ang kabuuan ay tatlumpo't isang pantig pa rin. Karaniwang paksa ng Tanka ay pagbabago, pag-ibig, at pag-iisa.

**Halimbawa:**

Payapa at tahimik

Ang araw ng tagsibol

Maaliwalas

Bakit ang cherry blossoms

Naging mabuway.

Kung papantigin

| **Bilang ng pantig** | |
|---|---|
| Pa-ya-pa at ta-hi-mik | 7 |
| Ang –a-raw ng tag-si bol | 7 |
| Ma-a-li-wa-las | 5 |
| Ba-kit ang che-rry-blo-soms | 7 |
| Na-ging ma-bu-way | 5 |
| **Kabuuang bilang ng pantig ay** | **31** |

Ang **Haiku** ay mas pinaikli pa sa tanka. May la**bimpitong bilang ng pantig** na may **tatlong taludtod**. Maaaring ang hati ng pantig sa mga taludtod ay: **5-7-5** o maaaring magkapalit-palit din na ang kabuuan ng pantig ay labimpito pa rin. Ang paksang ginagamit sa haiku ay tungkol sa kalikasan at pag-ibig. Parehong nagpapahayag ng masidhing damdamin ang tanka at haiku.

**Halimbawa**

Matandang sapa

Ang palaka'y tumalon

Lumalagaslas.

Kung papantigin

| **Haiku** | Bilang ng pantig |
|---|---|
| Ma-tan-dang sa-pa | 5 |
| Ang pa-la-ka'y tu ma lon | 7 |
| Lu-ma-la-gas-las | 5 |
| **Kabuuang bilang ng pantig ay** | **17** |

## III. MGA SANGGUNIAN

A. Aklat at Iba Pang Sanggunian

Peralta, Romulo N. et al (2014) Panitikang Ayano, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9, Unang Edisyon, Vibal Group, Inc.

## IV. MGA GAWAIN

### Gawain I

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na tula . Pagkatapos sagutin ang kasunod na tanong sa pamamagitan ng pagpili ng letra ng tamang sagot.

**Para sa tanong 1-3**

**Katapusan ng Aking Paglalakbay**
Isinalin sa Filipino ni: M.O. Jocson

Napakalayo pa nga
Wakas ng paglalakbay
Sa ilalim ng puno
Tag-init noon
Gulo ng isip.

1. Ilang taludtod mayroon ang tula?
   a. 8 b. 1 c. 4 d. 5

2. Ang sukat ng tula ay
   a. 7-5-7-7 -5 b.7-7-5-7 -5 c. 7-7-7-5 -5 d. 7-5-7-5-7

3. Ilan ang kabuuang bilang ng pantig ng tula?
   a. 28 b. 31 c. 17 d. 24

**Para sa tanong 4-5**

**Anyaya**
Ni Gonzalo K. Flores

Ulilang damo
Sa tahimik na ilog
Halika, sinta

4. Ang paksa ng tula ay tungkol sa
   a. pag-ibig b. pag-iisa c. kalikasan d. pulitika

5. Sa unang taludtod ang bilang ng pantig ay

a.12 b. 8 c. 5 d. 17

## Gawain 2

**A. Panuto:** Punan ng tamang salita ang patlang basi sa ginulong letra sa tapat nito. Tiyakin na ito ay nasa tamang sukat batay sa bilang ng pantig upang mabuo ang isang tanka. Kopyahin sa papel ang buong tula.

| | |
|---|---|
| Naghihintay ako, oo. | |
| ________ ako sa iyo, | i a n b k a n |
| Pikit- mata nga ako | |
| Gulo sa ________ | p a i m d |
| Nitong _________ | g a g l t a s |

**B. Panuto:** Ayusin at pagdugtungin ang mga ginulong salita sa loob ng kahon upang maisulat ang haiku ni Basho. Sundin ang tamang panuntunan sa pagsulat nito.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagtanda | lumilipad | Ngayon | ‘Di | Ibong | taglagas | mapigil |

## Isagawa

<u>Pagsulat ng sariling payak na Tanka o Haiku</u>

Ngayon ipakita mo ang iyong husay sa pagsulat ng tanka at haiku. Pumili ka kung ang iyong nais isulat ay tanka O haiku. Gawing gabay ang bilang ng pantig at taludtod ng tanka at haiku na iyong napag- aralan. Gawing batayan ang Rubrik sa kasunod na pahina.

| |
|---|
| |

## Pamantayan sa Pagbibigay Puntos (Rubrik)

| Pamantayan | 15 | 10 | 5 |
|---|---|---|---|
| PAGKAKABUO | Angkop ang sukat at wasto ang mga salitang ginamit sa tula. | May ilang taludtod na hindi wasto ang sukat. May ilang salitang ginamit na hindi angkop at wasto | Hindi nasunod ang tamang sukat ng tula. Walang kaugnayan ang mga salitang ginamit. |
| NILALAMAN | Mabisang naipahayag ang mensahe at paksa ng tula | Hindi gaanong naipahayag nang mabisa ang mensahe at paksa ng tula | Hindi naipahayag nang mabisa ang mensahe at paksa ng tula. |

## V. REPLEKSIYON

Bilang isang mag-aaral, bakit mahalagang malaman ang iba't ibang istilo at anyo sa pagsulat ng tula bilang bahagi ng ating panitikan?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## VI. SUSI SA PAGWAWASTO

**Gawain 1**

1. d
2. c
3. b
4. a
5. c

**Gawain 2**

**A.**

Naghihintay ako, oo
Nanabik ako sa 'yo,
Pikit- mata nga ako
Guol sa dampi
Nitong taglagas.

**B.**

Pagyamanain
Ngayong taglagas
'Di mapigil pagtanda
Ibong lumilipad.